HELLO TYPE 1

# HYPERGLYCEMIA

## PAANO MALALAMAN KUNG MATAAS ANG BLOOD SUGAR?

**KAPAG ANG BLOOD SUGAR MO AY TUMAAS NG HIGIT SA 250 MG/ DL (14 MMOL/L), ITO AY TINATAWAG NA HYPERGLYCEMIA**

ITO ANG ILANG SA MAAARING MARAMDAMAN O MARANASAN MO KAPAG MATAAS ANG BLOOD SUGAR:



PALAGING NAUUHAW



LAGING NAIIHI LALO NA SA GABI




MALABONG PANINGIN

Action4 Diabetes.org

HELLO TYPE 1

# HYPERGLYCEMIA



LAGING PAGOD



TUYONG BIBIG

KAPAG MALALA NA ANG MATAAS NA BLOOD SUGAR, MAARI KANG MAKARANAS NG:



PAGDUDUWAL



PANANAKIT NG TIYAN

Action4 Diabetes.org

# HYPERGLYCEMIA



HINDI NORMAL NA PAGHINGA



HININGANG AMOY ALAK




MINSAN, ANG HYPERGLYCEMIA AY MAARING MAGDULOT NG MATINDING KONDISYON NA MAARING MAGRESULTA SA PAGKAHILO O PAGKAWALA NG MALAY.

KUNG MAYROON KANG ALINMAN SA MGA PALATANDAAN NA ITO, DAPAT KANG PUMUNTA SA OSPITAL/KLINIK.

# HYPERGLYCEMIA

## BAKIT AKO NAGKAKAROON NG MATAAS NA BLOOD SUGAR LEVEL (HYPERGLYCEMIA)?

MAAARI KANG MAGKAROON NG MATAAS NA BLOOD SUGAR KAPAG ...




KULANG ANG IYONG INSULIN O NAKALIMUTAN MONG MAG INJECT




NAKAKAKAIN KA NG SOBRANG PAGKAING MAY CARBOHYDRATES O MATATAMIS NA INUMIN



KULANG ANG EHERSISYO MO KUMPARA SA NAKASANAYAN


HELLO TYPE 1

# HYPERGLYCEMIA

MAAARI KANG MAGKAROON NG MATAAS NA ASUKAL SA DUGO KAPAG ...



MAY IMPEKSYON KA, IBANG KARAMDAMAN, DINADATNAN NG BUWANANG DALAW, O NAKAKARANAS NG STRESS




MAY BUKOL KA SA ILALIM NG BALAT (LIPOHYPERTROPHY) SA LUGAR NG INIKSYON DAHIL HINDI MO BINABAGO ANG MGA LUGAR NA INI-INIKSYUNAN





NAGAMIT MO ANG INSULIN NA EXPIRED O HINDI NAITAGO NANG MAAYOS

# HYPERGLYCEMIA

## PAANO PABABAIN ANG MATAAS NA BLOOD SUGAR (HYPERGLYCEMIA)?

### KAPAG ANG BLOOD SUGAR MO AY HIGIT SA 250 MG/DL (14 MMOL/L), KAILANGAN MONG KUMILOS AGAD.

NARITO ANG MGA HAKBANG NA KAILANGAN MONG SUNDIN:



MAG MONITOR NG BLOOD SUGAR AT KUMUHA NG SHORT-ACTING INSULIN




! MAKIPAG-UGNAYAN SA IYONG DOKTOR O NARS PARA ITANONG KUNG GAANO KARAMING DAGDAG NG INSULIN ANG KAILANGAN MO, O KUNG HINDI KA SIGURADO SA GAGAWIN.



UMINOM NG MARAMING TUBIG (HINDI BABABA SA ISANG BASO BAWAT ORAS)




IWASAN ANG MABIBIGAT NA EHERSISYO

Action4 Diabetes.org

HELLO TYPE 1

# HYPERGLYCEMIA



PAGKALIPAS NG DALAWANG ORAS, MAG MONITOR NG BLOOD SUGAR



KAPAG ANG BLOOD SUGAR MO AY HIGIT SA 250 MG/DL (14 MMOL/L), AGAD NA MAKIPAG-UGNAYAN SA IYONG DOKTOR/NARS

**KAPAG ANG BLOOD SUGAR MO AY HIGIT SA 400MG/DL (22 MMOL/L), MAYROON KANG MALUBHANG HYPERGLYCEMIA.**




KUMUHA AGAD NG SHORT-ACTNG INSULIN (10% NG KABUUANG DOSIS MO ARAW-ARAW)




AGAD NA MAKIPAG-UGNAYAN SA IYONG DOKTOR/OSPITAL

Action4 Diabetes.org